



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 10 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 23 MARSO 2009, 10:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY HAPPY VALLEY.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar -Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento -Mun. SK Federation

Absent: WALA

KAPASYAHAN BLG. 018
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG BARANGAY AT LAHAT NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BARANGAY SA KANILANG MAINIT NA PAGTANGGAP AT PAKIKIISA SA GINANAP NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN SA BARANGAY SAN RAFAEL.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagdaos ng kanilang regular na pagpupulong sa Barangay San Rafael noong Marso 2, 2009 bilang tugon upang mailapit ang Pamahalaang Bayan sa mamamayan ng barangay.

SAPAGKAT, ang bumubuo ng Sangguniang Barangay ng San Rafael sa pamumuno ni Kgg. Pepito Dela Peña bilang Punong Barangay kasama ang kanilang mga kawani ay nagpamalas ng pakikisa at mainit na pagtanggap sa isinagawang pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Roxas sa kanilang barangay.

SAPAGKAT, sa ipinakitang kakayahan ng Sangguniang Barangay ng San Rafael na tumulong sa Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng maayos na talakayan at palitan ng kuro-kuro upang maresolba ang mga suliranin sa barangay ay umani ng paghanga at pasasalamat sa bumubuo ng Sangguniang Bayan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Edren Y. Faderon na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang taupusong pasasalamat sa bumubuo ng Sangguniang Barangay at lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Barangay sa kanilang mainit na pagtanggap at pakikilala sa ginanap na regular na pagpupulong ng Sangguniang Bayan sa Barangay San Rafael.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Barangay ng San Rafael sa pamumuno ni Punong Barangay Pepito Dela Peña para sa kanilang kaalaman.


Pinagtibay : 23 Marso 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:



FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:



VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo